Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagsulat ng pandiwa

Panuto: Isulat sa patlang ang pandiwa (na nasa tamang aspekto) na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang binigay na salitang-ugat sa loob ng panaklong.

1. Si Nanay ay (*bili*) __*bumili*__ ng dalawang kilong manok sa palengke kaninang umaga.
2. Huwag mo gamitin ang laruan ni Jess na hindi nagpapaalam. (*Galit*) __*Magagalit*__ sa iyo si Jess.
3. Nasa hardin ngayon si Lolo Pepe. (*Dilig*) __*Dinidiligan*__ niya ang damo at mga halaman.
4. Dahil anibersaryo nina Lolo at Lola sa darating na Linggo, (*dalaw*) __*dadalawin*__ natin sila sa Antipolo.
5. Hintayin muna ninyo si Luis sa sala kasi (*kain*) __*kumakain*__ pa siya ng almusal.
6. Ako ang (*hugas*) __*naghugas*__ ng mga pinggan kagabi kaya ikaw naman ang maghuhugas mamaya.
7. (*Kinig*) __*Nakinig*__ ka ba nang mabuti sa mga sinabi ng guro mo kanina?
8. Gusto ka raw makilala ni Jasmin pero nahihiya siyang lumapit sa iyo. Mas mabuti kung ikaw na ang (*kilala*) __*magpakilala*__ sa kanya.
9. Nakikita mo ba ang mga bata sa kalsada? (*Hingi*) __*Humihingi*__ sila ng limos sa mga pasahero ng dyip kapag humihinto ito.
10. Ito ang dyip na (*maneho*) __*minamaneho*__ ni Mang Tony araw-araw.
11. (*Tapon*) __*Tinapon*__ ko po ang basura sa tamang lalagyan sa labas ng subdibisiyon.
12. Ano ba ang (*tingin*) __*tinitingnan*__ mo sa labas ng bintana at kanina ka pa diyan nakatitig?
13. Pinapangako ko sa iyo na pagdating ko sa bahay, (*tulong*) __*tutulungan*__ kita sa paggawa ng takdang-aralin mo.
14. Naaalala mo pa ba si Tita Sally? Siya ang (*alaga*) __*nag-alaga*__ sa iyo noong maliit ka pa.
15. Mauna ka nang kumain. (*Ayos*) __*Aayusin*__ ko pa ang mga damit ko sa kuwarto.

16. (*Nood*) __*Nanood*__ ka ba ng balita sa telebisyon kagabi? May napakalakas na bagyong tumama sa New York.

17. Hindi (*daan*) __*dumadaan/dumaraan*__ dito ang mga pasaherong dyip. Doon ka sa kabilang kalye maghintay ng dyip.

18. (*Bayad*) __*Binayaran*__ mo na ba ang bayarin sa kuryente? Baka kasi maputulan tayo ng linya ng kuryente.

19. Sandali lang ako. (*Hatid*) __*Ihahatid*__ ko lang si Nikki sa labas ng *gate*.

20. (*Hintay*) __*Hihintayin*__ ko ang tawag mo bukas nang tanghali.